

KARTA NG KARAPATANG PANG-INTERNET NG APC

Internet para sa Katarungang Panlipunan at Likas-Kayang Pag-unlad

TEMA 1 KARAPATAN NG LAHAT SA PAGGAMIT NG INTERNET



ARTIKULO 26, PANDAIGDIG NA PAHAYAG NG MGA KARAPATANG PANTAO (UNIVERSAL DECLARATION OF HUMAN RIGHTS [UDHR]): ANG EDUKASYON AY ITUTUNGO SA GANAP NA PAGPAPALAN NG PAGKATAO AT PAGPAPALAKAS NG PAGGALANG SA MGA KARAPATANG PANTAO AT MGA BATAYANG KALAYAAN.

1.1 Ang epekto ng pagkakataong makagamit ng internet sa kaunlaran at katarungang panlipunan. Ang abot-kaya, mabilis at madaling paggamit sa internet ay makatutulong sa paglikha ng mga lipunang higit na pantay-pantay. Mapatatag nito ang mga serbisyong pang-edukasyon at pangkalusugan, ang mga lokal na negosyo, ang pakikilahok ng mga mamamayo, ang kakayahang makatanggap ng impormasyon, ang mabisang pamumuno at ang pagsugpo sa kahirapan. Gayumpaman, hindi natin dapat isipin na ang lahat ng pagbabagong teknolohikal ay agaran o kara-karakang makabubuti. Mahalagang maging mulat ang mga *civil society organizations* o CSOs, mga pamahalaan, at mga ahensyang tagapangasiwa sa potensyal din ng internet na palalain ang namamayang-di-pagkakapantay.

1.2 Ang karapatan sa paggamit ng imprastruktura saan ka man naninirahan. Ang internet ay nagsisilbing pandaigdigang imprastruktura na pampubliko. Mahalagang maipamahagi nang malawakan ang imprastrukturang ito. Mahalaga ring masuportahan nito ang sapat na *bandwidth* na siyang magbibigay-kakayahang sa mga tao sa lahat ng dako ng mundo na pakinabangan ang kanyang potensyal para maiparinig ang kanilang mga tinig, mapabuti ang kanilang mga buhay, at maipahayag ang kanilang pagkamalikhain. May karapatan ang lahat sa isang malawak na pambansang internet backbone, na konektado sa pandaigdigang network.

1.3 Ang karapatan sa mga kasanayan. Ang kaalaman at mga kasanayan ang nagbibigay-kakayahang sa mga taong gamitin at hubugin ang internet para matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Mahalagang suportahan at itaguyod ng mga pamahalaan (lokal at pambansa), ng mga organisasyong pandaigdigang at pampamayanan, at ng mga kinatawan ng pribadong sektor ang libre o abot-kayang mga pagkakataon, pamamaraan, at kagamitan sa pagsasanay, upang magamit ang internet para sa pag-unlad ng lipunan.

1.4 Ang karapatan sa mga interface, nilalaman (content) at programang pangkompyuter na maaaring magamit ng lahat ("disenyong inklusibo"). Kinakailangang maisadisenyo ang mga *interface*, nilalaman at programang pangkompyuter upang matiyak na maari itong magamit ng lahat. Kabilang na rito ang mga taong may mga kapansananang pisikal, pandama o pangkaisipan; mga taong di marunong magbasa; at mga taong nakikipagtalastasan sa mga wikang minorya.

Ang prinsipyo ng inklusibong disenyo at ang paggamit ng mga teknolohiyang pantulong sa mga may kapansanan (*assistive technologies*) ay kailangang isulong at suportahan para ganap at pantay na makinabang ang mga may-kapansanan at mga taong walang kapansanan.

1.5 Ang karapatan sa pantay na paggamit ng kalalakihan at kababaihan. Sa maraming lugar, hindi pantay ang pagkakataon ng kababaihan at kalalakihan na matutunan, mabigyang-kahulugan, mapakinabangan, magamit at mahubog ang internet. Ang mga umiiral na di-pagkakapantay-pantay sa kasarian ay kinakailangang kilalanin at iwasto ng mga pagsisikap na palawakin ang paggamit sa internet. Dapat magkaroon ng ganap na pakikilahok ang kababaihan sa lahat ng larangang nauugnay sa paglinang ng internet upang matiyak ang pagkakapantay-pantay ng kasarian.

1.6 Ang karapatan sa abot-kayang paggamit ("affordable access"). Mahalagang tiyakin ng mga nagtatakda ng polisiya pati na ng mga tagapangasiwa na ang lahat ng mamamayo ay may pagkakataong magamit ang internet sa abot-kayang halaga. Sa pamamagitan ng paglinang sa imprastrukturang pantelekomunikasyon, ng pagtakda ng mga patakaran, ng pagpresyo, at ng pagpataw ng buwis at taripa, ang lahat tmayaman o mahirap man tay maaaring makagamit ng internet.

1.7 Ang karapatan sa paggamit sa lugar ng trabaho. Para sa marami, ang lugar ng trabaho ang pangunahin o tanging lugar para makagamit ng internet. Kailangang maitaguyod ng mga manggagawa at ng mga kumpanyang kanilang pinapasukan ang pagkakataong magamit ang internet sa lugar ng trabaho, para sa mga programang pang-edukasyon ng mga manggagawa at sa pagtatanggol ng kanilang mga karapatan.

1.8 Ang karapatan sa pampublikong paggamit. Maraming tao ang kailanma'y hindi magkakaroon ng pansariling kompyuter o makagagamit ng internet sa kanilang mga tahanan. Sa gayon, ang mga pampublikong lugar tulad ng mga *telecenter*, silid-aklatan, sentrong pampamayanan, klinika at paaralan ay kinakailangang mailaan upang maaaring makagamit ang lahat ng internet sa mga lugar na malapit sa kanilang tirahan o trabaho. Higit pa itong mahalaga para sa mga kabataan ng mga bansa kung saan ang paggamit ng internet ay hindi pa gaanong laan o abot-kaya.

1.9 Ang karapatan sa paggamit at paglikha ng teksto (content) na kumikilala sa pagkakaiba ng mga kultura at wika. Karamihan sa mga *website*, mga kasangkapang onlayn at programang pangkompyuter (*software*) ay gumagamit ng *script* o lengguwahang Latin. Dahil dito, naaapektuhan ang paglinang ng lokal na teksto sa mga lengguwahang di-Latin, at nahahadlangan ang posibilidad ng palitan ng mga teksto mula sa iba't ibang kultura. Kailangang palaganapin ng teknikal na pag-unlad ang pagkakaiba ng teksto sa iba't ibang lengguwahe sa internet. Kailangan din nitong gawing higit na payak ang palitan ng impormasyon sa harap ng mga balakid sa larangan ng lengguwahe.

TEMA 2 KALAYAAN SA PAMAMAHAYAG AT PAGBUBUKLOD



ARTIKULO 18, UDHR: ANG BAWAT TAO AY MAY KARAPATAN SA KALAYAAN NG PAG-ISIP, BUDHI AT RELIHIYON



ARTIKULO 19, UDHR: ANG BAWAT TAO AY MAY KARAPATAN SA KALAYAAN NG PAGKUKURO AT PAGPAPAHAYAG; KABILANG SA KARAPATANG ITO ANG KALAYAAN SA KURO-KURO NANG WALANG PANGHIHIMASOK AT ANG KALAYAANG HUMANA, TUMANGGAP AT MAGBAHAGI NG IMPORMASYON AT KAISIPAN SA PAMAMAGITAN NG ALIN MANG PAAHAN NG PAGKALAT NANG WALANG PAGSASAALANG-ALANG NG MGA HANGGAHAN



ARTIKULO 20, UDHR: ANG BAWAT TAO AY MAY KARAPATAN SA KALAYAAN SA MAPAYAPANG PAGTITIPON AT PAGTATATAG NG MGA ASOSASYON

2.1 Ang karapatan sa malayang pamamahayag. Ang kalayaan sa pamamahayag ay nararapat ipagtanggol mula sa panghihimasok ng pamahalaan at ng mga puwersang di-estado. Ang internet ay isang pamamaraan para sa pampubliko at pribadong palitan ng mga pananaw at impormasyon sa iba't ibang larangan. Kailangang makapagpahayag ang mga indibidwal ng mga kuro-kuro at kaisipan at malayang makapagbahagi ng impormasyon habang ginagamit ang internet.

2.2 Ang karapatan sa kalayaan mula sa sensura. Kailangang ipagtanggol ang internet mula sa anumang tangka na patahimikin ang mga kritikal na tinig at i-sensor ang mga usapin o debateng panlipunan o pampulitika.

2.3 Ang karapatang makilahok sa protestang onlayn (online): Dapat maging malaya ang mga samahan, pamayanan at indibidwal na gamitin ang internet para makapag-organisa, magdaos ng at makilahok sa protesta.

TEMA 3 PAGKAMIT SA KAALAMAN



ARTIKULO 27, UDHR: ANG BAWAT TAO AY MAY KARAPATANG MAKILAHOK SA BUHAY PANGKALINANAN NG PAMAYANAN, TAMASAHIN ANG MGA SINING, AT MAKISALO SA SIYENTIPIKONG PAG-UNLAD AT SA MGA PAKINABANG NITO

3.1 Ang karapatang magkamit ng kaalaman. Ang malawakang pagkamit at masiglang pagbabahaginan ng kaalaman (*knowledge commons*) ang batayan ng likas-kayang pag-unlad ng sangkatauhan. Dahil pinadadali at pinabilis ng internet ang bahaginan at ang sama-samang paglikha ng kaalaman sa isang paraang di pa nararanasan, mahalaga itong pagtuunan ng pansin ng mga kumikilos para sa panlipunang pag-unlad.

3.2 Ang karapatan sa kalayaan sa impormasyon. Upang matiyak ng pamahalaang pambansa at lokal, gayundin ng mga pandaigdigang organisasyon na pinopondohan ng pamahalaan/publika, na lantad ang kanilang mga pagkilos at handa nilang panagutan ang mga ito, dapat nilang ibahagi sa publiko at ilagay sa *public domain* ang anumang makabuluhang impormasyon na kanilang nililikha at pinamamahalaan. Kailangan nilang tiyakin na ang impormasyong ito ay naisisiwalat sa internet gamit ang mga format na angkop sa (*compatible*), at kayang basahin (*open formats*) pati ng mga lumang kompyuter at ng mga sistemang mabagal ang koneksyon.

3.3 Ang karapatang alamin at gamitin ang impormasyong pinondohan ng pamahalaan/publika. Ang lahat ng impormasyon, kabilang ang mga pananaliksik sa siyensya at agham-panlipunan, na naisagawa sa tulong ng pondong pampubliko ay dapat gawing libre't laan para sa lahat.

TEMA 4 SAMA-SAMANG PAGKAKATUTO AT PAGLIKHA ANG FREE AND OPEN SOURCE SOFTWARE AT PAGLINANG SA TEKNOLOHIYA



ARTIKULO 27, UDHR: ANG BAWAT TAO AY MAY KARAPATANG MAKILAHOK SA BUHAY-PANGKULTURA NG PAMAYANAN, TANGKILIKIN ANG MGA SINING, AT MAKISALO SA MGA PAGSULONG SA AGHAM AT SA MGA BENEFISYO NITO

4.1 Ang karapatang magbahagi at makibahagi. Ang internet ay nagkaloob ng pambihirang pagkakataon para sa bahaginan ng impormasyon at kaalaman, at naglililang ng mga bagong pamamaraan ng paglikha ng nilalaman (*content*) at mga programang pangkompyuter. Hindi dapat hadlangan ng mga *content/application/service providers* ang sinuman na gamitin ang internet para sa bahaginan ng kaalaman at paglikha ng nilalaman.

"Bagaman kailangang pangalagaan ang mga interes ng mga indibidwal na manlilikha, dapat itong isagawa sa paraang magtataguyod din sa bukas at malayang pakikilahok at pagpapadalo ng kaalamang pang-agham at pangkultura.

4.2 Ang karapatan sa mga libre at bukas na programang pangkompyuter para sa paggamit at pagbabago ninuman (free and open source software [FOSS]). Sinusuportahan namin ang paggamit ng FOSS. Ang paggamit ng FOSS ay nakapagbibigay-kapangyarihan at naglililang ng kasanayan. Higit din itong likas-kaya at mapaghikayat sa pagkamalikhain ng lokal na taumbayan. Hinihimok namin ang mga pamahalaan na magsagawa ng mga patakaranang magtataguyod sa paggamit ng FOSS, lalo na sa pampublikong sektor.

4.3 Ang karapatan sa mga bukas na pamantayang teknolohikal (open technological standards). Ang mga pamantayang teknolohikal na ginagamit sa internet ay kinakailangang maging palagiang bukas nang mapahintulutan ang pagbabahaginan at pagkamalikhain, upang gumana sa iba't ibang sistema (*interoperability*). Dapat tugunan ng mga panibagong teknolohiya ang mga pangangailangan ng lahat ng sektor ng lipunan, lalo na yaong may kinakaharap na mga limitasyon at balakid sa tuwing gumagamit sila ng internet (tulad ng mga pamayanan na di gumagamit ng *script* o lengguwaheng Latin, o mga taong may kapansanan, o yaong may mga lumang kompyuter, o may mabagal na koneksyon sa internet).

4.4 Ang karapatang makinabang mula sa pagsasanib ng iba't ibang teknolohiya (convergence) at ng nilalamang likha sa iba't ibang midya (multimedia content). Ang internet ay isang platapormang laan para sa iba't ibang midya o pamamaraan ng pamamahayag. Ang anumang paggamit sa at regulasyon ng Internet ay dapat magtaguyod sa potensyal nitong payabungin ang pagkakaiba-iba sa paglikha at pagmamay-ari ng nilalaman ng internet na nasa iba't ibang anyo (hal., mga palatuntunan sa radyo o telebisyon na pagmamay-ari o pinatatakbo ng pamayanan).

TEMA 5 PAGKA-PRIBADO (PRIVACY), PAGMAMANMAN (SURVEILLANCE), AT ANG PAGSALIN NG DATOS SA LIHIM NA KODIGO (ENCRYPTION)



ARTIKULO 12, UDHR:

WALANG TAONG ISASAILALIM SA DI-MAKATWIRANG PANGHIHIMASOK SA KANYANG PANANAHIMIK, PAMILYA, TAHANAN O PAKIKIPAGSULATAN, NI SA PAGTULUGSA SA KANYANG KARANGALAN AT MABUTING PANGALAN

5.1 Ang karapatan sa proteksyon ng datos. Ang mga organisasyong pampubliko o pribado na humihingi ng personal na impormasyon mula sa mga indibidwal ay dapat mangalap lang ng pinaka-kailangang datos para sa pinakamaikling panahon na ito'y kakailanganin. Maaari lamang nilang iproseso ang nakalap na datos alinsunod sa pinakatuyak na layuning kanilang isinaad.

Ang pangangalap, paggamit, pagsiwalat, at paghawak ng impormasyong ito ay dapat umayon sa isang malinaw na patakaran tungkol sa paglalalahad ng pribadong impormasyon (*transparent privacy policy*). Dapat malaman ng mga tao kung ano ang nakalap tungkol sa kanila, at dapat din silang pahintulutan itama ang anumang impormasyong mali.

Ang mga datos na nakalap ay kailangang pangalagaan mula sa di-awtorisadong pagsiwalat, at ang mga sablay sa seguridad ay kailangang maitama agad. Mahalaga ring burahin ang ganitong datos kapag ito'y hindi na kinakailangan ayon sa mga layuning naging dahilan ng kanilang pangangalap. Dapat balaan ang madla hinggil sa potensyal na magamit sa maling paraan ang personal na datos na kanilang ibibigay. Pananagutan ng mga organisasyong ipaalam sa mga taong sangkot kapag ang impormasyong ganito ay naabuso, nawala o nanakaw.

5.2 Ang karapatan sa kalayaan mula sa pagmamanman. Ang bawat tao ay nararapat na makapagpahayag o makipagpalitan ng komunikasyon nang walang banta ng pagmamanman (*surveillance*) at pagharang (*interception*).

5.3 Ang karapatang gumamit ng encryption. Ang mga taong nakikipag-ugnay sa isa't isa sa internet ay kailangang magkaroon ng karapatang gumamit ng mga kasangkapang nagsasalin ng mga mensahe nila sa isang lihim na kodigo, upang matiyak ang komunikasyong ligtas, pribado at di-makikilala.

TEMA 6 PAMAMAHALA NG INTERNET

6.1 Ang karapatan sa multilateral at demokratikong pangangasiwa ng internet. Ang pamamahala sa internet ay nararapat maging multilateral at demokratiko, kung saan ganap na sangkot ang iba't ibang pamahalaan, ang pribadong sektor, ang *civil society* at mga organisasyong internasyonal. Walang iisang pamahalaan ang maaaring mangibabaw sa pandaigdigang pamamahala ng internet.

6.2 Ang karapatang mabatid at maabot ang mga proseso ng pagpapasiya. Ang lahat ng mga proseso ng pagpapasiyang nauugnay sa pamamahala at paglinang sa internet ay kinakailangang maging lantad at madaling alamin sa lahat ng antas ng pandaigdigang, panrehiyong at pambansa.

6.3 Ang karapatan sa isang internet na desentralisado, sama-samang pinangangasiwaan (collaborative) at gumagana sa iba't ibang sistema (interoperable). Ang teknolohikal na paglinang at ang pangangasiwa sa mga pangunahing elemento ng internet ay kailangang maging desentralisado at sama-samang pinamamahalaan. Dapat din itong makatulong na matiyak na ang network ay gumagana sa iba't ibang sistema (*interoperable*), mabisa, matatag, ligtas, mahusay at maaasahan (*efficient*), at mapalalawak (*scalable*) sa pangmatagalan.

6.4 Ang karapatan sa bukas na arkitektura (open architecture). Bilang 'network ng mga network,' ang internet ay binubuo ng maraming magkaugnay na network, batay sa pangunahing ideyang teknikal na *open architecture networking*, kung saan ang anumang uri ng network saan mang lugar ay maaaring mapabilang at gawing laan sa madla. Kailangang maprotektahan ang *open architecture*.

6.5 Ang karapatan sa mga bukas na pamantayan (open standards). Ang karamihan sa protokol na gumagabay sa internet ay mga protokol na batay sa mga malayang pamantayan na mahusay at maaasahan (*efficient*), mapagkakatiwalaan, at maaaring maipatupad sa buong daigdig nang walang gaanong balakid na dulot ng mga lisensya. Ang mga detalye ng protokol ay mahalagang manatiling libre at nasa abot ninuman. Bunga nito, mababawasan ang mga hadlang sa paggamit nito, at mapadadali ang pagbabahaginan sa internet na gumagana sa iba't ibang sistema (*interoperability*).

6.6 Ang karapatan sa pagiging niyutral ng internet at sa prinsipyong dulo-sa-dulo (internet neutrality and the end-to-end principle). Ang pagiging niyutral ng internet, na nauukol sa mabisang paghatid ng mga pakete ng datos, ang siyang dahilan kung bakit maaaring manahan ang kaalaman/talino nito sa mga kompyuter, programa, server, mobile at iba pang aparato sa dulo" ng mga network. Bunga nito, nalilintang ang maraming bagong gawain, industriya at serbisyong pang-internet sa dulo" ng mga network. Dahil dito, ang internet ay nagiging isang mahalagang kasangkapan sa malawak na konteksto ng kaunlarang pangkabuhatan at panlipunan."

Ang malaking bahagi ng kapangyarihan at saklaw ng internet ay nagmumula sa kahalagahan ng bisa ng kanyang network (*network effect*). Kapag mas maraming tao ang may pagkakataon na gumamit ng internet, nadaragdagan din ang halaga nito bilang isang plataporma para sa pagpapalitan ng impormasyon at komunikasyon. Kailangang ipagtanggol ang prinsipyong 'dulo-sa-dulo' at ang pagiging niyutral ng internet mula sa anumang tangkang gumawa ng dalawang-antas na internet at isentralisa ang kontrol nito.

6.7 Ang karapatan sa internet bilang isang pinagsama-samang kabuuan (integrated whole). Ang pangunahing katangian ng internet bilang napagsasaluhan at gumagana sa iba't ibang sistema (*interoperability*) ay bahagi ng kahalagahan nito bilang isang pandaigdigang kasangkapang pangmadla (*global public good*). Hindi ito dapat mawasak ng mga bantang lumikha ng mga pambansang intranet, ng pagsasala sa nilalaman (*content filtering*), di-makatwirang pagmamanman, panghihimasok sa pribadong buhay, at mga pagkitil sa kalayaan sa pamamahayag.

TEMA 7 PAGKABATID, PAGTATANGGOL AT PAGSASAKATUPARAN NG MGA KARAPATAN

7.1 Ang karapatan sa pagtatanggol, pagkabatid at edukasyon ng mga karapatan. Ang mga karapatan ng mga tao bilang mga tagapaggamit ng internet ay dapat mapangalagaan ng mga pandaigdigang pahayag hinggil sa mga karapatang pantao, ng mga batas, at ng pagpapatupad ng mga patakaran. Ang impormasyon tungkol sa mga karapatan at kaparaanan kaugnay ng internet ay dapat malaya at libreng ilaan ng mga lupong pambansa, panrehiyong at pandaigdigang. Sangkot dito ang edukasyon ng madla upang maipabatid sa mga tao ang kanilang mga karapatan sa paggamit ng internet, at ang mga mekanismo para mabigyang-lunas ang mga paglabag sa mga karapatang ito.

7.2 Ang karapatan sa pagdulog kapag nalabag ang mga karapatan. Kailangang gawing libre at nasa abot ng madla ang mga mabisa at may-kapanagutang mekanismo para mabigyang-lunas ang mga paglabag sa mga karapatan nila. Kapag nasasapanganib ang mga karapatang pantao at karapatang pang-internet dahil sa nilalaman ng internet (*internet-based content*), sa di-lehitimong pagmamanman (*surveillance*), o sa pagkitil ng mga kalayaan sa pamamahayag at iba pang mga karapatan, dapat ay maging nasa abot ng mga tao ang mga mekanismong pandulog, nang mabigyang-lunas ang gayong mga paglabag.

HINGGIL SA PAGSALIN SA FILIPINO

Ang pagsasalang ito sa Filipino ay pinamahalaan ng **Foundation for Media Alternatives (FMA)**. Email: <info@fma.ph>

Pangunahing tagasalin:
Marichi Castro-Guevara at *Bobby Guevara*;

Tagapamahala:
Al Alegre

Pasasalamat din kina:
Irynn Abano, Bombim Cadiz., Len Familara & Elizabeth Conlan, Fatima Lasay, Eloy Marcelo, Chat Ramilo, Mylene Soto, Nina Somera, Randy Tũaño.

Ang internet ay maaari lamang magbigay kapangyarihan sa sanlibutan kung ang mga karapatang nakasaad sa Kartang ito ay kikilalanin, poprotektahan at gagalangin.



APC

ASSOCIATION
FOR PROGRESSIVE
COMMUNICATIONS

www.apc.org

info@apc.org

Inilimbag ng Association for Progressive Communications, Nobyembre 2006.

Salin sa Filipino, Oktubre 2007.